
3

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 6:
## Pagsunod sa Nakasulat na Panuto na may 2-4 na Hakbang



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q1_Filipino 3_Module 6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 6-Pagsunod sa Nakasulat na Panuto na may 2-4 na Hakbang**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Christine Ann G. Rubillos

**Editor:** Cristy S. Agudera**,** Lorna C. Ragos

**Tagasuri:** Iris Kristine A. Mejos, Jessel C. Marqueda, Alemer O. Veloso, Judith V. Lasola

**Tagawasto:** Mercy Y. Malarayap

**Tagaguhit at Tagalapat:** Mary Grace P. Refulle**,** Jecson L. Oafallas

**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo, Josephine L. Fadul, Mary Jeanne B. Aldeguer, Christine C. Bagacay, Analiza C. Almazan, Lorna C. Ragos, Ma. Cielo D. Estrada, Cristy S. Agudera, Mary Jane M. Mejorada, Alma D. Mercado

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 6: Pagsunod sa Nakasulat na Panuto na may 2-4 na Hakbang

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Alamin

Mahusay! Naipakita mo ang iyong galing sa pagsagot sa mga naunang gawain!

Sa modyul na ito, matututuhan mong sumunod sa nakasulat na panuto na may 2-4 na hakbang.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mas marami ka pang matutuhan tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nakasusunod sa nakasulat na panuto na may 2-4 na hakbang (F3PB-Ic-2, F3PB-IIc-2, F3PB-IVb-2).

## Subukin

Iayos mo ang mga panuto na nakasulat sa ibaba. Lagyan ng numero 1-4 ang patlang upang maisunod-sunod ang tamang hakbang. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Hakbang sa Paglilinis ng Ngipin

_____Panghuli, magsipilyo sa umaga at gabi.

_____Pangalawa, sipilyuhin ang ngipin nang paitaas at paibaba.

_____Una, maglagay ng tamang dami ng toothpaste sa sipilyo.

_____Pangatlo, idura ang toothpaste at magmumog gamit ang malinis na tubig.

# Aralin 1 — Pagsunod sa Nakasulat na Panuto na may 2-4 na Hakbang

## *Balikan*

Bilugan ang tamang bilang ng pantig sa sumusunod na salita. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Halimbawa: ma-sa-ga-na 1 2 3 (4)

Bilang ng pantig

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. ma-sa-ya | 1 | 2 | 3 | 4 |
| 2. pa-ya-pa | 1 | 2 | 3 | 4 |
| 3. pa-a-ra-lan | 1 | 2 | 3 | 4 |
| 4. ma-gu-lang | 1 | 2 | 3 | 4 |
| 5. ka-i-bi-gan | 1 | 2 | 3 | 4 |

## *Tuklasin*

Basahin ang usapan.

Naghanda si Ana sa pagpasok sa paaralan, dala niya ang kaniyang takdang- aralin na ipinagawa sa kanila ng kanilang gurong si Bb. Cruz. Ito ay tungkol sa tamang paghuhugas ng kamay.

**Bb. Cruz**: "Magandang umaga mga bata."

**Mag-aaral**: "Magandang umaga rin po, Bb. Cruz."

**Bb. Cruz**: "Nagawa ba ninyo ang inyong takdang-aralin?"

**Mag-aaral**: "Opo, Bb. Cruz."

**Bb. Cruz**: "Ngayon, sino sa inyo ang makapagsasabi sa harap ng klase nang tamang paghuhugas ng kamay?"

**Ana**: "Ako po, Ma'am."

**Bb. Cruz**: "Sige, Ana, maaari mo ng ibahagi sa klase ang iyong sagot."

Binasa ni Ana ang kaniyang takdang-aralin.

**Ana**: "Una ay hugasan ang kamay ng malinis na tubig."
"Pangalawa ay lagyan ng sabon ang kamay at kuskusin ito sa harap at likod."
"Banlawan ang kamay ng malinis na tubig."
"Panghuli ay punasan ang kamay ng malinis na tuwalya.

**Bb. Cruz**: "Magaling! Ana. Mamaya ay isasagawa natin ang paghuhugas ng kamay. Sana ay gawin ninyo ito nang tama palagi upang makaiwas kayo sa sakit."

Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot sa sumusunod na tanong mula sa usapan.

1. Anong takdang-aralin ang ipinagawa ni Bb. Cruz sa mga bata?
   a. mga hakbang sa paghuhugas ng plato
   b. mga hakbang sa paghuhugas ng gulay
   c. mga hakbang sa paghuhugas ng kamay

2. Sino ang nagbasa sa harap ng klase ng kanilang takdang-aralin?
   a. Ana
   b. Annie
   c. Amy

3. Bakit mahalaga ang paghuhugas ng kamay?
   a. utos ito ng aking mga kaibigan
   b. dahil ito ang sabi ng karamihan
   c. upang maging malinis at malayo tayo sa sakit

4. Mahalaga bang sundin natin ang mga hakbang sa paghuhugas ng kamay?
   a. Oo, dahil ito ang tamang paraan upang makaiwas sa sakit.
   b. Hindi, huhugasan ko ang aking mga kamay sa gusto kong paraan.
   c. Hindi, masyadong mahaba ang hakbang ng tamang paghuhugas ng kamay.

5. Alin sa sumusunod ang tamang pagkasunod-sunod sa paghuhugas ng kamay? Isulat ang letra ng tamang sagot.

| |
|---|
| ___ Pangalawa, lagyan ng sabon ang kamay at kuskusin ito sa harap at likod. |
| ___ Una ay hugasan ang kamay ng malinis na tubig. |
| ___ Panghuli, punasan ang kamay ng malinis na tuwalya. |
| ___ Pangatlo, banlawan ang kamay ng malinis na tubig." |

a. 1, 2,3, 4 b. 2, 1, 4, 3 c. 4, 2, 3, 1

## Suriin

Dapat Tandaan sa Pagsunod ng Panuto

1.Unawaing mabuti ang nakasulat na panuto. Kung ito ay pasalita, pakinggang mabuti ang nagbibigay ng panuto.

2.Kung mahaba ang panuto, isulat at intindihin ang mahahalagang detalye.

3.Kung hindi malinaw, maaaring ipaulit ang panutong hindi naintindihan


Halimbawa


Mga Hakbang sa Paghuhugas ng Kamay


1. Una, hugasan ang kamay ng malinis na tubig.
2. Pangalawa, lagyan ng sabon ang kamay at kuskusin ito sa harap at likod.
3. Pangatlo, banlawan ang kamay ng malinis na tubig.
4. Panghuli, punasan ang kamay ng malinis na tuwalya.


# Pagyamanin

Isulat ang bilang 1-4 sa patlang upang maisunod-sunod ng tama ang hakbang sa paghuhugas ng kamay. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

____1.  Punasan ng malinis na tuwalya ang kamay.

____2.  Kuskusin ang harap at likod ng kamay gamit ang sabon.

____3.  Banlawan ang kamay na may sabon ng malinis tubig.

____4.  Hugasan ang kamay ng malinis na tubig.

# Isaisip

Ang **panuto** ay mga tagubilin sa pagsasagawa ng iniutos na gawain. Maaaring nakasulat o pabigkas ang mga panuto. Sa pagsunod ng panuto ginagamit ang mga salitang hudyat tulad ng una, pangalawa, pangatlo, pang-apat, at huli. Maaari ring gamitin ang mga hudyat na at, sunod, at pagkatapos.

Makatutulong sa maayos, mabilis, at wastong pagsasagawa ng gawain ang pagsunod sa ibinigay na panuto.

# Isagawa

Ikonek ang mga panuto sa Hanay A sa tama nitong bilang ng pagkasunod-sunod sa Hanay B. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

Mga Hakbang sa Paghuhugas ng Pinggan

| Hanay A | | Hanay B |
|---|---|---|
| 1. Sabunin ang pinggan nang maayos. | ● | una |
| 2. Banlawan ng malinis na tubig<br>pangalawa<br>ang nagamit na pinggan. | ● | |
| 3. Patuyuin ang mga pinggan. | ● | pangatlo |
| 4. Ilagay sa tamang lalagyan ang<br>pang-apat<br>mga pinggan. | ● | |

# *Tayahin*

Gawain 1

Isulat ang bilang 1-4 sa loob ng kahon upang mapagsunod-sunod ang mga panuto. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

Magsipilyo ng ngipin pagkatapos kumain.



Maligo at linising mabuti ang buong katawan.



Gumising sa tamang oras at iayos ang higaan.



Kumain ng agahan bago pumasok sa paaralan.



Gawain 2

Basahin mo nang mabuti ang mga panuto at sundin mo ito. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.


1. Una, isulat ang iyong buong pangalan sa loob at gitna ng kahon.

2. Pangalawa, kung ikaw ay babae bilugan ang manika. Kung ikaw naman ay lalaki ikahon ang kotse.

3. Pangatlo, kulayan ng dilaw ang manika at pula naman para sa kotse.

4. Panghuli, gumuhit ng isang araw sa itaas ng manika.





## *Karagdagang Gawain*

Basahin at sundin mo ang mga nakasulat na panuto. Iguhit mo sa papel ang iyong sagot.

1. Una, gumuhit ng isang malaking hugis-puso sa gitna ng kahon.

2. Pangalawa, sa kaliwa at itaas na bahagi ng hugis-puso ay isulat kung ilang taong gulang ka na.

3. Pangatlo, sa kanan at ibaba na bahagi ng hugis-puso ay iguhit mo ang paborito mong pagkain.

4. Panghuli, sa itaas na bahagi ng puso ay gumuhit ng isang bahay.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin-** 4 2 1 3

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Balikan-**1.) 3 | 2.) 3 | 3.) 4 | 4.) 3 | 5.)4 |
| **Tuklasin**-1.) c | 2.) a | 3.) c | 4.)a | 5.) b |
| **Pagyamanin-** 1.) 4 | 2.) 2 | 3.) 3 | 4.) 1 | |

**Isagawa-**
Sabunin ang pinggan- **una**
Banlawang mabuti ang nagamit na pinggan- **pangalawa**
Patuyuin ang mga pinggan. -**pangatlo**
Ilagay sa tamang lalagyan ang mga pinggan. -**pang-apat**

**Tayahin-**
Gawain 1


1


2


3


4

**Gawain 2-**depende sa sagot ng bata

**Karagdagang Gawain-** depende sa sagot ng bata

# *Sanggunian*

Cardinoza, Florenda, Jenny-Lyn Trapane, Amaflor Alde, Agnes G. Rolle, Josenette Brana, Ronald Ramilo, Louiegrace Margallo, Mercelita Salazar, Aireen Ambat, Lea Agustin, Natasha Rae Natividad, Cynthia Reyroso, Dolorosa Castro at Modesta Jaurigue, *Batang Pinoy Ako Patnubay ng Guro 3.* Pasig: REX Bookstore, 2015.

Alde, Amaflor, Lea Agustin, Aireen Ambat, Josenette Brana, Cardinoza, Florenda, Dolorosa Castro, Modesta Jaurigue, Louiegrace Magallo, Natasha Rae Natividad, Ronald Ramilo, Cynthia Reyroso, Agnes G. Roller, Jeny-Lyn Trapane at Mercelita Salazar. *Batang Pinoy Ako Kagamitan ng Mag-aaral sa Filipino 3.* Pasig: Lexicon Press, Inc.,2017.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph